

How the Savior's Name Was Changed

Tagalog

Davao City, Philippines

10/22/03

ABYH:JR

PAPAAANONG NAPALITAN ANG PANGALAN NG TAGAPAGLIGTAS

Pamahiin, kamangmangan at ang mga daynamik ng mga linguahe na naging sanhi ng pagbabago ng Pangalan, sa isang pangalan na kailan man ay hindi niya naging Pangalan.

Ang tagapagligtas ay isinilang sa Bethlehem ng Judea ng isang birhing Hudyo na kung alin ay Hebreo ang linguahe (o maaring Aramaic) isang Shemitikong wika. Siya ay isinilang sa isang komunidad na kung saan ay Hebreo and kanilang linguahe. Ang angel na si Gabriel na nagpapahayag kay Miriam (Mary) ang ina, na ang tungkol sa batang isinilang, ililigtas ang kanyang mamayang Israel mula sa kanilang mga kasalanan. Ang Kanyang pangalan, magkagayon, nasa litra por letrang naglalarawan nitong kahulugan at layunin.

Ang Bibliya ay nagpapahayag na kung ang tao'y kakausapin mula sa kaitasan, ito ay palaging doon sa mga sa nakakaalam o nakapagsalita nang wikang Hebreo, walang alinlangan na Hebreo ang sinasalita sa halaman ng Eden. Ang Bibliya ay ang Hebreong aklat, ipinagkaloob sa manunulat ng Hebreo na nagtataglay ng Banal ng Ispirito. Ang tanging wika na sinasalita mula sa simula hangang sa ang mga taong 1757 sa mga araw ng pangyayari sa Tore ng Babel. Dapat nating ipalagay kung gayon na ang Hebreo ay ang panlangit na Linguahe.

Genesis 10:30 inihayag na ang tribong Shem ay hindi sumali sa proyekto sa kapatagan ng Shinar(Gen. 11:2) na kung saan ang Tore ng Babel ay naitayo. San ayon sa Genesis 10, sila ay tumira sa Mesha sa paanan ng mga bundok ng Sephar. Ang kanilang wikang Hebreo ay hindi nagbago.

Sa lahat ng itong mga totoong naipahayag sa atin, dapat nating itanong, bakit sadyang ang ating mga Bibliya ang nakasulat na tagapagligtas ay tinatawag sa pangalang Hesus na hindi Hudyo o Hebreo? Ang Hesus o "Jesus" ay hindi Hebreo o naisasalin sa alin mang linguahe.

Bakit ang isang dalagang Hudyo na ang katutubong wika ay Hebreo, naninirahan sa isang komunidad ng mga Hudyo, at tinawagan at batiin ng

isang makalangit ng mensaherong si Gabriel na ibinigay sa kanyang bagong silang na Anak ang mistisong latin na pangalan Grego na nagdadala ng walang ganyang kahulugan bilang tagapagligtas sa alin mang lenguahe?

Ang Gregong salita para sa tagapagligtas ay “Soter”, habang ang Latin ay “Salvari” walang bahagi sa salitang ito na mababasa sa pangalang “Jesus”, ang pangalang walang etimolohiyang o pinagmulang kahulugan. Dapat nating alalahaning muli ang sinabi ng Angel na ang Kanyang Pangalan ay mag kaugnayan sa Kanyang layunin bilang Tagapagligtas na kung sa Hebreong salita ay “Shua”.

Jesus ay hindi ang Pangalan

Ang katotohanan ay Jesus ay hindi ang kanyang pangalan at kahit kailan man. Ang bantog na “Bible scholar” o pantas at Arheologist Earnest Renan sumulat na ang tagapagligtas ay hindi kailan man tinawag na Jesus sa kanyang buhay.

Bukod pa ruon mayroong hindi pag ayon na nakaroon kailan man ng katumbas ang letrang”J” sa 22 na mga letra sa Hebreo alphabet. Ni kung maroong kahit anong letrang Hebreo sa siyang nagdadala kahit halos katumbas na tunog ng letrang “J” ni kung mayron man ng letrang “J” sa alphabetong Grego.

Kahit ating English na “J” ay kailan lamang nagsimula. Lumitaw noon lamang 500 mga taong na nakalipas, ng ito ay madalas palitan ang letrang”I” karaniwang sa umpisa ng isang salita. Ang katanungan sa atin ay ano ang naging pangalan ng tagapagligtas bago nagkaroon ng letrang “J”? sa loob humigit kumulang 1500 na mga taon. Siya ay maliwanag ng tinatawag sa ibang pangalan na hindi nagtataglay ng letrang “J”.

Ang kanyang bang disipulong Hudyo ay tumatawag sa pamamagitan ng Hybrid Grego-Latin na ganong mistisong pangalan ?Ang Bibliya’y nagsasabing sila ay walang pinag-aralan at mangmang na mga tao?(Mga Gawa 4:13).Sila ay pangkaraniwang mangingisda na ang salita ay Hebreo o marahil ang malapit na kaugnayan wikang Aramaik.Ang kanilang Hebreong pananalita ay naisalin na noon sa Gregong lingguwista na siyang nagbigay sa atin ng talaan o rekord sa Bibliya. (Para sa karagdagan ibedensiya kung ang Bagong Tipan ay sinulat ba sa wikang Grego? Lumiham at humingi sa aming ganoong “ministudy” . Sa pag-aaral na ito ating susundin ang pinagmulan ng English na Jesus, at walang kaugnayan sa mga pinagmulan ipinapahayag na ang pangalang ibinigay mula doon sa kaitaasan ay ang Hebreong pangalan “Yahshua”,na magkaparehong pangalan katulad ng nasa Lumang Tipan na anak ni Nun na siyang alam naming katulad ni “Joshua”

Isang Anak Dala Ang Pangalan ng Kanyang Ama

Ang tagapagligtas ay malinaw ng nasabing “naparito ako sa ngalan ng aking Ama” , John 5:43. Itong pagpapatibay ay nangangahulugang dala niya ang pangalan ng Kanyang Ama. Ang bawat kahulugan ay hindi limitado sa tanging kanyang paparito lamang, o sa pamamagitan ng kapangyarihan o utos ng Panlangit na Ama. Katulad lamang ngayon ang Pangalan ng

pamilya ay isinasalin mula sa Ama hanggang sa anak, kaya asahan natin na si Yahshua na magdala sa pangalan ng Ama sa langit at pumarito sa kanyang kapangyarihan. Sa gitna ng silangan ang Pangalan nagdadala ng higit na makahulugan at napalibutan sa mas malalim na pagka sangkot kaysa mga pangalan sa panahon ngayon ng kanlurang komunidad, na kahit sa panahon ngayon nakakapit sa isang pangalang may mataas na pagpapahalaga.

Ang tagapagligtas ay nagpatuloy sa pagsabi na kahit siya'y hindi tinanggap ng mga tao, kung iba ang dumating sa kanyang sariling pangalan siya'y tinanggap nila, idininagdag pa niya na sumulat si Moses tungkol sa kanya, nakasulat ang reperensya sa Exodo 15:12 “Yah”.... Ay naging aking tagapagligtas sa Hebreo “Shua” i.e. Yah-Shua). (Tingnan din sa Deut.189:15-19)

Katulad ng naihayag na ang pangalan ng tagapagligtas at talagang parehong katulad niyan ng “Joshua (Ang pag bigkas ay “Yoshua”), Ang anak ni Nun , Mga Bilang 13:16. Pangalang Joshua dati ay Hoshea o kaya'y Hoshua, ngunit si Moses ay iniuuna ang maiksi o matulaing anyo sagradong pangalang, YAH, tinatawag siyang Yahoshua, ang kahulugan ay Pagliligtas ni Yah.

Mula sa pagkabihag ng Babilonya pasulong, ang tunog na “O” ay inilaglag o inalis sang ayon sa “ Linguistic Authorities” , at sa panahon ng kapanganakan ng Tagapagligtas ay hindi na Yahoshua kaya naging YAHSUA. Itong kaugalian ng pagpaikli ng pangalan ay pangkaraniwan na sa bawat lugar doon. Isang halimbawa “Bedlam” na galing mula sa Bethlehem, Jon mula sa Jonathan at Liz o Beth mula Elizabeth.

Ang tagapagligtas na si Yahshua ay totoong dumating sa pamamagitan ng pangalan ng Kanyang Ama, para sa Kanyang pinakapangalan na kahulugang,” ang pagliligtas ni YAH.” Ang kanyang pangalan ay sagrado, poetiko, makalangit na pangalang YAH: Yahshua.

Kailangan nating tingnan sa Mga Gawa 7:45 at Hebreo 4:8 sa “King James Bible” na kung saan ang hybrid o mistisong pangalan “Jesus” buong pagkamaling nagsilitaw. Ito ay maliwanag na ang mga eskriba ay nagpalit sa totoong pangalan sa King James Bible at napunta sa anomang Bibliya. Sa labis o sa masigasig na pagnanais, ang pangalang “Joshua” (Yahshua) ang anak ni Nun na nagkamaling pinalitan gayon sa pangalan na mestisong Grego-Latin “Jesus”. At sa huling “King James Version Revision” at ang mga bagong bersyon ng Bibliya ay pinalitan din ang pangalan “Johshua”.

Walang Ibang Pangalan Na May Kaligtasan

Ang kaligtasan ay nagmumula sa pamamagitan ng Mesiya. Kaligtasan ay sa pamamagitan lamang Niya. Maliban kung mayroon mang sa kanino man, sa pagkat”Walang ibang Pangalan sa silong ng Langit na ibinigay sa mga tao, para sa ikaliligtas natin”. Walang ibang Pangalan! Yan ay parehong pangalang ibinigay sa pamamagitan ng Angel na si Gabriel sa Ina ni Yahshua bago siya ipinanganak.

Pakipansin sa inyong Bibliya , may katiyakang sinasabing walang ibang Pangalan! Ito ay hindi sinasabing walang ibang “tao” na pahintulatang kang tumawag sa kanya sa pamamagitan ng kahit anong pangalan ang naisin mo. Yahshua ay ang tanging pangalan at sa pamamagitan lamang sa kanya ay mayroon tayong kaligtasan. Walang ibang pangalan maliban kay Yahshua, na ang literal na kahulugan ay ang sugong pagpadala ng pagliligtas ni Yahweh.

Sa pakikipag-usap sa mga nagsising Hudyo sa panahon ng Pentecostes, si apostol Pedro ay inspirado sa pagbigay nitong natatanging pangalan sa pamamagitan nito tayo ay magkakamit ng kaligtasan . Hindi niya sinabi pabautismo sa pagkatao ng Mesiya. Si Pedro ay nagbigay sa atin ng pinakapatikular na utos upang tumawag sa Personal na Pangalang ipinagkaloob ng Ama, Mga Gawa 2:38”magsisi at pabautismo ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni Yahshua Messiah para sa ikapagpatawad ng kasalanan at kayo’y tatanggap ng kaloob ng banal na ispirito”.

Upang makatiyak sa pagkatao ni Yahshua ay mahalaga. Pero ang pangalan na sa Kanya ay ibinigay sa pamamagitan ng Angel dumating mula sa kaitasan at dinadala ang isang pinaka di pangkaraniwang kahulugan para sa tagapagligtas,ang ipinakaisang pagsasama ng pangalan ni Yahweh at ang pangalan ng Ama mismong ipinangalang sa Anak na si Yahshua ay nangakahulugan, na sa kanyang Anak lamang ang tao maliligtas.

Sa sandaling matutunan ang katotohanan tayo’y maging masunurin sa paglakad dito. Karamihan sa atin ay natoto ng mas malalim na katotohanan sa maliit na mga pag-unlad matapos ilagay sa pagsasanay ang ating natotohan. Si Yahweh ay patuloy sa paghahayag ng higit pang karunungan, lamang kung ating tatanggapin at sundin yong mga bagay na kanyang ipinakita sa atin. Bakit siya magkaloob ng higit na pamukaw doon sa mga ayaw tumanggap at rebelde sa kung ano ang kanyang naihayag na?

Kapag alam na natin ang katotohanan , ang nakaraang kamangmangan ay hindi maaring mapawalang sala kung nagpatuloy tayo sa kamangmangan .”Sa panahong nitong kamangmangan si Yahweh ay nagbulag-bulagan, ngunit ngayon ay nag-uutos sa lahat ng mga tao sa lahat ng dako na magsisi ,Mga Gawa 17:30. Kanyang ipinahayag ang kanyang katotohanan doon sa nagkusang loob na magsaliksik at sumunod dito.

Ipinagkaila Ang Pangalang YAHWEH

Paanong napalitan ang sagradong pangalan sa ating Bibliya?

Ang ikubli ang apat na mga letra, ang tetragramaton (YHWH) na naglalarawan ng pangalan ng Ama na naunang nagsimula sa mga Pareng Israelita. Ito ay dinadala pa sa malayo sa pamamagitan ng kamangmangan ng mga sinaunang tagasalin na mga Kristiano.

Ang mga pamahiing mga eskribang Hudyo ay alam ang Levitico 24:16 at ibang bersikulo na hinihiling na pagpitaganan ang pangalang Yahweh. Sila ay nagpasya na ang pinaka mabuting paraan upang pag-ingatang huwag malapastangan ang kanyang Pangalan magiging sa pagbigkas ay papalitan ng titulo, sa halip na tawagin si Yahweh sa kanyang Personal na Wastong

Pangalan. Sa pagbabawal na bigkasin ang totoong pagtawag sa sagradong pangalan, inisip nila na inaalís ang kakayahan na lapastanganin ito.

Upang maunahan ang sinomang bumabasa ng Tetragramaton at binibigkas ang pangalang YHWH ang mga eskriba ay naglagay ng “diacritical marks” ng mga patinig (vowel) para sa Adonai sa kabila ng Hebreong letra para sa kanyang pangalan. Ang totoo, ang unang patinig dala ang tunog “E” kagaya ng English “met” ang pagbigkas ang pagbasa ay Yeh, para hindi mawala ang poetikong pagbigkas sa ngalan Yah. Ang kanila ay isang ligaw at maling pamaraan sa ikatuparan ng kautosan.

Mga Unang Tagasalin Itinago Rin Ang Kanyang Pangalan

Ang mga sinaunang Kristianong mga tigasalin sa Bibliya ay mahina sa linguaheng Hebreo. Sila ay ignorante sa salitang Hebreo. Lenguaheng Grego at Latin lamang ang kanilang kaalaman. Dahil sa mga kaugaliang hindi makikipaghalobilo sa mga masasamang Hudyo, ayaw nilang matutong magbasa at sumunod sa tamang pamaraan sa salitang Hebreo. Kaya hindi nila nabasa ang Lumang Tipan sa original na Lenguaheng Hebreo. Ang kanilang pinagkunan ng ating mga bibliyang salin ng mga Kristianong Tigasalin ay mula sa lumang Gregong “Septuagint” at hindi sa original na Hebreong mga teksto.

Ang Grego ay may tatlong uri ng Pangngalan (nouns), tatlong pankasarian at limang mga kasong pangmungkahi. Ang pangngalang hulapi ay nagpapahayag ng paggamit sa isang pangungusap, na totoong ginagamit rin sa ibang mga lenguahe sa Europa.

Bilang halimbawa sa Gregong pang-isahan panlalaking kasarian sa pangalan ng ating tagapagligtas na ang huling letra ay “s”. Ito ay nagpapahayag kung bakit mayroon tayong maraming Pangngalang Pantangi sa King James na Bibliya na kung saan ang mga pangalang Hebreo, ito ay napalitan ang dulo sa letrang “S” kagaya ng Judas, Elias, Jonas, Esaias, Zacharias, Jeremias, Annas at Silas.

Ang mga pangalang ito ay direktang ipinagmataas mula sa Gregong Septuagint na walang pagpapahalaga sa kanilang tunay na pangalan sa Hebreong pamaraan (na karamihan ay nagtatapos sa pangalan Yah).

Bilang paglalahad, ang Hebreo o Grego ay walang letrang “j”. Sa Latin at Ingles ito katumbas sa letrang “I” (na binibigkas kagaya ng salitang “police”) at sa letrang ng Hebreo “yothe” (yod).

Hindi kailan man na ang pangalan ng Tagapagligtas nagsisimula sa letrang “j” gaya ng tunog “jeers” ngunit ito’y dapat nag-uumpisa sa letrang patinig (vowel) na ang pagbigkas ay kagaya ng “ee”.

Sa Septuagint, ang katumbas ng Gregong letra sa pangalan ni Yahshua ay dapat nag-uumpisa sa malaking letrang “I” (o iota), at sa Latin ito ay dapat naisalin sa pantanging letrang “I”. Sa kalaunan naging letrang “j” at sa Latin ay ginamit na malaking titik “I” at sa sinaunang Ingles kilala bilang letrang kursibo “j”.

Saan Galing ang pangalang “Yeshua”?

Sa sinusunod ang halimbawang nasa Septuagint, ang mga Kristianong dalubahasa ay nagtangkang isalin ang letra por letra (dinalang pakabila ang tunog) ang Pangalan ng Tagapagligtas kattulad ng nakasulat sa Grego.

Sa pagsulat ng pangalang Yahweh na nasa mga tekstong Hebreo, ang mga Hudyong eskribo, sa halip na ang Kames () and isulat, na isiningit ang “shewa” (:) at napalitan ang tunog ng patinig na “Ah” para sa “eh”. Upang unahan na hayagang maibulaslas ang maikling hubog na “Yah” ng sagradong Pangalan itong nakagawian ay masusumpungan parin sa nasa maling”Jehovah”. Jehovah ay mas malapit pero hindi ang tamang pagkakasalin.

Sa gayon mayroon tayong Pangalan ng Tagapagligtas nag-uumpisa sa “Je” Gayong, ang dapat ay naging “Yah” bilang nasa “HalleluYah”. Hindi natin dapat sabihing “HalleluYeh”.

Sa ginamit ang malaking letra “I” (iota) hindi nila isiningit ang letrang “A” (alpha) pero naging ignorante sa pagtanggap sa dalawang kritikal na patinig at ginamit ang letrang “e”(eta) sa ganon sila ay nagsimula sa pangalan ng Tagapagligtas bilang “IE”.

Ang Grego ay walang “H” sa kanilang alphabeto, tanging ang magaspang na marka ng paghinga sa isang umpisa ng salita na makikita bilang pabaligtad na kudlit. Walang “H” na makikita sa Grego ang nasa patulang hugis “YAH”. Sa katotohanan mula sa maari nating makita ang unang bahagi ng Tetragramaton na nasa Greek naging nakasulat ng “IE” (na walang “H” bilang sila’y dapat ay wala) para maging kasang ayon ang sa patakarang Hudyo ng “Yeh” upang iwasang bigkasin ang “Yah” na tunog. Ni kung ang mga Hudyo gusto na sa anumang paraan upang isama ang pangalan ni Yahweh kalakip niyan sa Tagapagligtas na maaring makita bilang kilalanin ang katayuan bilang pinaka anak ni Yahweh na siyang dumating sa pangalan ng Kanyang Ama.

Ang Grego ay walang “SH” na tunog kaya tanging ang “S” (sigma) ang makikita. Ganon kalayo, mayroon tayong unang tatlong letra na pangalan ng Tagapagligtas “IES”. Sa Grego ito ay sinundan sa pamamagitan ng “O” (O=omicron)

ang tunog ay pagiging maikli tulad ng “LOT”. Ito ay sinundan sa pamamagitan ng “U” (Upsilon=U), tumutunog bilang “OO”

Ang pagsalin ng letra por letra sa Grego, pagkatapos kahit anong tulad ng “EE-ess-oo-uh”. Bigkasin ng mabilis at makukuha natin ang pare-parehong malapit na pagkakasalin, “Yehshua” tatandaang walang tunog na “SH” na maari sa Grego ang pangalan ng Tagapagligtas ay lumitaw bilang “IESUS” (mayroon hulaping “S” para sa pagtatapos sa Gregong pagsalin). Ang pagsasalin na Latin ay nagawa na rin noong una mula sa Gregong Teksto, linagtawan ang orihinal na Hebreo.

Yahshua = Iesous in Greek

Tulad ng pangalan ng Tagapagligtas na noon ay naisalin letra por letra sa latin direkta mula sa Gregong pagkasalin mayroon tayong

Pangngalang Panlalaki iminungkahing pang-isahang nagtatapos sa “S” na siyang nagkamaling dalhin sa Latin bilang “Iesus” at kalaunan naging Jesus.

Nang ang malaking “I” ay naitakda ang kursibong buntot , na 500 na taon, sa humigit kumulang na ang nakalipas para maging “J” at nakuha rin nito ang tunog sa mga taga Pransiya (French) na katulad ng salitang “journal” . Ang kanyang pangalan sa kalaunan ay naging mali na “Jesus” sa salitang Ingles.

Gayon pa man, sa Latin ang “J” ay tumunog bilang “I” sa salitang “police”, o kaya “ee”. Ang bansang Balkan Yugoslavia ay minsan ng ang pagbaybay ay Jugoslavia, ngunit ang pakabigkas pareho din hanggang ngayon, Yugoslavia.

Ang mga pagbalangkas sa pag-inog ng Daang taon hayagang kinilala ang USSR bilang “Sowjet Russiah”. Ang “J” ay nagkaroon ng “ee” na tunog at ang “W” nagkaroon ng Germanic “V” . Ang salitang major ay nabigkas bilang “mayor” sa parehong Latin at German. June at July ay binibigkas sa tunog na “Yune” at “Yuly”.

Ang lahat ng ito’y maaring mahirap at teknikal ngunit kinakailangan upang ipakita ang ibedensiya na ng pangalan ng Hebreong Tagapagligtas ay Yahshua. Pumarito siya sa pangalan ng Kanyang Ama na “Yah”

Kung ang mga Kristianong tagapagsalin bumalik sana sa orihinal na Hebreo, ang kanyang pangalan maaring matapat na napatili sa tamang porma “Yahshua”. Sa halip ang kanyang pangalan ay hinango mula sa Grego hanggang Latin at kalaunan sa Ingles, iwinala ang Hebreo at tayo’y nagtapos sa at nagkaroong isang Latinized-Greek Hybrid (mistiso) Jesus, sa halip na ang Banal at nakapagligtas na pangalang Yahshua. Ito ay tulad ng pagkuha sa nawalang pagkakataon paulit-ulit mula sa isang lukbutan upang malagay sa iba at unti unting iwala ang isang maliit nito sa bawat panahon.

KAHALAGAHAN NG KANYANG PANGALAN

Ang kahulugan ng kanyang pangalan ay “Ang pagliligtas ni Yah”.Walang katulad nito na maaring mamulot mula sa gawa ng tao ang maling pangalang “Jesus” na kung alin lumaganap mula sa una ang mapamahiing mga eskribang Hudyo at saka pinatili sa pamamagitan ng kamangmangan ng Kristianong pantas na kung sino sila ay pinagtawanan ng mga Hudyo dahil sa kanilang kakulangan ng kaalaman sa Linguistika ng Hebreo.

Si Apostol Pablo nagpahayag na pinarangalan din ni Yahweh si Yahshua at binigyan siya ng pangalang higit sa lahat ng pangalan., anopa't ang lahat ng nilalang na nasa langit , nasa lupa ay maninikluhod at sasamba sa Kanya....(Filipos 2:9-10). Ang pangalang binigay ni Yahweh kay Miriam para ipangalan sa kanyang anak ay tatawagin na Yahshua. Ito ay mapapatunay sa gilid ng tala sa Mateo 1:21 at Lukas 1:31 sa karamihan ng mga Bibliya. Ang tagasalin ay pinalitan at itinago ang

Banal na Pangalan at binigyan tayo ng maling mistisong pangalang “Jesus”. Ito ay simpling hindi niya pangalan! Bukod pa roon sinabi ni Apostol Pablo na ang buong pamilya ni Yahweh ay tatawagin sa pamamagitan ng pinakamahalagang pangalan “YAH” (Efeso 3:15). Ang iba sa mga propeta dala ang kanyang pangalan, gayon din ang tulad nila IsaYah, ObadYah, ZephanYah, ZecharYah, at JeremYah.

Tayo’y binigyan ng isang tunay na pangalan nang ating Ama, na sa pamamagitan nito ay maaring tayong makilala. Papaano natin magagawang hamakin, pagtatawanan at hindi tanggapin ang pangalang Yahweh ngayon at pagkatapos iibigin at igalang ito - at ito rin ang itatawag- sa pagdating ng kaharian ni Yahweh?

Ang mga pangalan na nasa Bibliya ay mayroong malalim na kahulugan at tiyak na mga kahalagahan na nakaragdag sa ating pag-unawa. Siya ay naghanda ng gayon sa ating harapan ang bukas na pinto para sa higit pangkatotohanan. Ang kanyang pagliligtas ay nasa pangalan ng kanyang Anak, Yahshua, at tayo ay sumusunod sa kanyang salita, at “hindi dapat ipagkaila ang Kanyang pangalan” Pahayag 3:8-9. Sa silong ng langit ay walang ibang Pangalan maliban kay Yahshua at sa pamamagitan Niya mayroon tayong kaligtasan. HalleluYAH

© 2007 Yahweh’s Assembly in Yahshua
2963 County Road 233, Kingdom City, Missouri 65262
View us online at: www.YAIY.org
Call Toll Free: (877) 642-4101
Main Line : (573) 642-4100